# Pangkalahatang Pondong Pangkawanggawa para sa mga Tsino at Pondo para sa Espesyal na Tulong

## Panimula

Ang layunin ng Pangkalahatang Pondong Pangkawanggawa para sa mga Tsino (GCCF) at Pondo para sa Espesyal na Tulong ay magbigay ng tulong sa panahon ng kagipitan sa mga residente ng Hong Kong na apektado ng mga natural na sakuna o aksidente at may mga agarang pangangailangan. Nagbibigay ang GCCF ng tulong sa panahon ng kagipitan sa mga nangangailangang pamilya o indibidwal na may lahing Tsino, habang tinututukan ng SAF ang mga nangangailangang pamilya o indibidwal na di-Tsino ang lahi. Napapailalim ang lahat ng mga aplikasyon sa pag-apruba ng mga kinauukulang Opisina ng Distrito (DO), at susuriin ang kahirapan sa pananalapi ng mga aplikante.

## Paraan ng Aplikasyon

Ang mga taong apektado ng mga lokal na insidente ay maaaring magsumite ng aplikasyon sa kani-kanilang DO. Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan lamang sa kinauukulang DO. Mag-click dito para sa mga adres at numero ng pagtatanong ng mga Sentro ng Serbisyo sa Pagtatanong ng Home Affairs ng mga DO. Para sa mga kaso kung saan ang mga residente ng Hong Kong ay malubhang nasugatan o namatay sa mga kalamidad sa labas ng Hong Kong, dapat isumite ang mga aplikasyon sa Punong Himpilan ng Kagawaran ng Home Affairs sa pamamagitan ng Kagawaran ng Imigrasyon.